AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

**GAMES**
**Activity 55**

| **Pambungad** |
|---|
| *Kumusta, kaibigan? Hahasain natin ang ating problem-solving, pisikal na skills, at imahenasyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng ating game master ngayong araw. May level 1, level 2, at level 3! Handa ka na bang tanggapin ang pagsubok niya ngayon? Naniniwala kami sa 'yo, kayang-kaya mo 'to!* |

**Games - Activity 55**

Ang Mabait na Kapitbahay!

Content Creator: Robyn Nicole B. Jereza

**ANG MABAIT NA KAPITBAHAY**
**GAMES FOR GR. 1 - HS - ACTIVITY 55**

**I. Pambungad** 🎯
ANG MABAIT NA KAPTIBAHAY! 🏡 May tatlong bagong dating sa iyong barangay! Isang hindi nakakakita 🙈, isang hindi nakakarinig 🙉, at isang walang panlasa 🙊!

Dahil mabait ka na bata, sinubukan mong kaibiganin ang mga bago mong kapit-bahay! 🏡 At sa inyong pagkwe-kwentuhan, nagkataon na meron silang mga tanong! 🤔 Nang buong puso, subukang ipaliwanag ang mga sumusunod sa iyong mga bagong kaibigan! 😁❤

**II. Level 1** 🎯
Si Aling Nena ay hindi nakakakita 🙈🕶. Paano mo mailalarawan ang iyong kapatid o matalik na kaibigan? 👧🏽👦🏽

*Mga tanong pang-gabay lamang:*
❤ Ano ang masasabi mo tungkol sa kanilang itsura? Kanyang tangkad, kutis, buhok, o edad? 👩🏽👦🏽👧🏽👦🏽
❤ Ano ang masasabi mo tungkol sa kanyang personalidad? Siya ba ay mahiyain? Makulit, matulungin, palakaibigan? 🤗😌
❤ Ano ang kanyang hilig? Pagsusulat ba? Sports? Pagsayaw, kanta, o pag-aaral?

🏀🎨📝
❤ Mailalarawan mo ba kung paano kayo nag-uusap o kung ano ang katangian ng inyong relationship mag-kapatid o magkaibigan? Kayo ba ay pala-away, pala-laro, o supportive sa isa't isa? 👯‍♀️👯‍♂️
❤ Ano ang paborito mong ala-ala o kwento kasama ang iyong kapatid o kaibigan? 🤔

Ano pa ang maiisip mong paaran para ilarawan ang iyong kapatid o kaibigan para kay Aling Nena? 😊

✔️ Yay! 5 pts kung natulungan mo si Aling Nena 🥰

**III. Level 2** 🎯
Si Ate Rona ay hindi nakakarinig 🙉👂🏽. Paano mo ipapa-experience o maipapaliwanag ang iyong paboritong kanta? 🎶

*Mga tanong pang-gabay lamang:*
❤ Maari mo bang ipakita ang mga salita o lyrics kay Ate Rona? 📃
❤ Maari mo bang isulat kung ano ang nagustahan mo sa lyrics? O kung kanino mo narinig ang kanta, o saan mo narinig? 👨👩👧👦
❤ Ano ang mga imahe na nauugnay mo sa kantang ito? 🏝🌊🏞🏙🌌🌇

Ano pa bang pwedeng gawin para magustuhan ni Ate Rona ang paborito mong kanta sa parehas na paraan na gusto mo rin siya? 🤔 Maari mo ba itong isayaw? 💃🏽 Ipakita ang music video sa YouTube? 🤳🏽Maiguguhit mo ba? 🖍

✔️Good job! 5 pts kung natulungan mo si Ate Rona 🥰

**IV. Level 3** 🎯
Si Edna ay 6-taong gulang at walang panlasa! 🙊👅 Paano mo ipapaliwanag ang iyong paboritong pagkain? 🍲🍝🥞🍫

*Mga tanong pang-gabay lamang:*
❤ Makakatulong ba ang pagsabi ng kanyang kulay? Ano ang pakiramdam kung hinahawakan ang mga sangkap? 🌽🌶🥬🥒🍠🥔

✔️Galing! 5 pts kung natulungan mo si Edna🥰

**V. Pagtatapos**

❣ Maging sensitibo tayo sa iibang pangangailangan at suporta na kailangan ng iba't ibang tao, hindi lang naman sa ating mga kaibigan na PWD ♿, kundi rin sa ating mga kaibigan, kamag-anak, mga ka-barangay, at kahit sa hindi natin kilala 🥰

This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.